February 11. 2026

To: Arch. Jefferson Tomas
President / Owner
Koinonia Realty Corporation - My Cabin by One Selah

Mahal na G. Jefferson Tomas

Ako po ay sumusulat upang pormal na ipabatid ang aking pagbibitaw bilang Room Attendant ng My Cabin by One Selah, matapos ang mahigit na apat na taong tapat at masigasig na paglilingkod sa kumpanya.

Isang karangalan para sa akin ang maging bahagi ng organisasyong ito. Ang desisyong ito ay aking ginawa matapos ang masusing pagninilay at nakabatay sa aking hangaring maghanap ng mga bagong oportunidad. Bagama't hindi naging madali ang pasyang ito, naniniwala po akong ito ang tamang hakbang para sa aking personal at propesyonal na paglago.

Ako po ay nanatiling tapat sa pagtupad ng aking responsibilidad hanggang sa aking huling araw ng trabaho at sisikapin kong masiguro ang maayos at wastong turn over ng aking mga gawain.

Maraming Salamat po sa mga oportunidad, suporta at pag gabay na ipinagkaloob sa akin ng kumpanya sa nakalipas na mahigit pa sa apat na taon. Nais ko pong hilingin ang pagtuloy-tuloy na tagumpay at paglago ng kumpanya, at umaasa akong makaalis nang may mabuting ugnayan.

Approved [signature] 3/13

Lubos na gumagalang,

P. Sampana
Patricia Joy D.G Sampana

[signature] 02/11/26
Joshua R. Laureano

CamScanner